


# Pangunahing Kaalaman para sa Pamumuhay sa Sakai (Filipino)



さかいし  
堺市

# Pangunahing Kaalaman para sa Pamumuhay sa Sakai Talaan ng mga Nilalaman

## I. Araw-araw na Pamumuhay

1. Araw-araw na pamumuhay	1
1-1 Kapag nagkaroon ng problema [Nais humingi ng payo] [Nais magkaroon ng interpreter]	
◆ Multicultural Exchange Plaza ng Lungsod ng Sakai	
1-2 Pag-aaral ng wikang Hapon [Silid-aralan para sa wikang Hapon/materyales sa pag-aaral ng wikang Hapon]	
[Sa silid-aralan para sa wikang Hapon mag-aaral] Iba pa	
1-3 Ang pagbibigay ng impormasyon sa iba't ibang wika [News letter sa Ingles at Intsik] [Homepage ng Lungsod ng Sakai]	
[Facebook]	

2. Sakit at Emerhensiya	5
2-1 Kapag nagkasakit [Karaniwang araw] [Kapag biglang nagkasakit sa araw na walang pasok o sa gabi]	
[Website ng medikal na mga impormasyon para sa mga dayuhan] Iba pa	
2-2 Sa oras ng sunog, sa oras na biglang nagkasakit o malubhang napinsala [Pagtawag sa 119]	
2-3 Kapag nabiktima ng krimen o naaksidente [Pagtawag sa 110]	

3. Sakuna	6
3-1 Ang paghanda para sa sakuna [Handbook para sa pag-iwas sa sakuna • Madadalang kard ng patnubay para sa pag-iwas sa sakuna]	
[Pagrehistro sa e-mail tungkol sa mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna ng Osaka]	
3-2 Kapag nagkaroon ng sakuna [Upang malaman ang mga impormasyon tungkol sa sakuna] [Kailan at saan tatakas]	

## II. Mga Pamamaraan ng Pamumuhay

1. Kapag mag-uumpisa ng bagong buhay sa Lungsod ng Sakai / kapag lumipat	7
1-1 Paglipat papasok, paglipat sa loob at paglipat palabas [Rehistro ng mamamayan at pagbago ng tirahan]	
[Mga pamamaraang may kinalaman]	
1-2 Ang pagkolekta ng basura [Ang pagtapon ng basura]	
1-3 Ang tubig at paagusan ng nagamit na tubig	
1-4 Pabahay ng munisipyo, takdang pampublikong paupahang bahay [Naghahanap ng maninirahan]	
1-5 Buwis ng lungsod [Personal na buwis ng lungsod at prepektura]	

2. Kapag ikakasal / kapag magdidiborsyo	9
---	---

3. Kapag nanganak at nagpapalaki ng bata	9
3-1 Kapag nabuntis [Ang "Handbook sa Kalusugan ng Ina at Bata" at ang pad ng mga tiket sa pagpapatingin ng kalusugan]	
[Klase para sa mga buntis]	
3-2 Kapag ipinanganak na ang bata [Notipikasyon ng panganganak] [Ang sistema ng tulong sa medikal na gastos ng bata]	
[Allowance para sa bata] Iba pa.	
3-3 Pagpapalaki ng bata [Pag-alaga ng bata] [Suporta sa pagpapalaki ng bata] [Tulong sa pagpasok sa paaralan]	

4. Kapag naging isang magulang na pamilya	12
[Allowance para sa pagpapalaki ng bata] [Suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay para sa isang magulang na pamilya]	
[Sistema ng tulong para sa medikal na gastos ng mga isang magulang na pamilya] Iba pa	

5. Kapag nahihirapan sa pamumuhay	13
[Tulong sa pamumuhay] [Pagpahiram ng pera para sa pamumuhay] [Konsultasyon para sa mga bumalik mula sa Tsina]	

6. Para sa mga taong may edad na	14
[Paggamit ng nursing care insurance at nursing care service] [Ang Panlahatang Senter ng Suporta sa Pook]	
[Ang matatanggap na pera ng mga residenteng dayuhan na may edad na]	
[Medikal na sistema para sa mga lubhang may edad na mga tao]	

7. Para sa mga taong may kapansanan	15
[Paggamit ng disability welfare service] [Disability Counseling and Support Center]	
[Sistema ng Subsidy para sa Medikal na Gastos ng mga may Matinding Kapansanan]	

Mga mapagtatantuan sa bawat munisipyo	16, 17
---------------------------------------	--------

**Sanggunian** Ang mga impormasyon dito ay makikita rin sa [Yasashi Nihongo (Madaling Hapon)] sa homepage ng Lungsod ng Sakai.  
<http://www.city.sakai.lg.jp/yasashii/index.html>

# I. Araw-araw na Pamumuhay (日常生活)

## 1. Araw-araw na pamumuhay (日常生活)

### 1-1 Kapag nagkaroon ng problema (困ったとき)

#### 【Nais humingi ng payo】 (相談したい)

##### • Konsulta tungkol sa pamumuhay (libre)

Sa Multicultural Exchange Plaza ng Lungsod ng Sakai (pahina 2), maaaring kumonsulta ang mga taong nakatira sa Lungsod ng Sakai, nagtatrabaho sa Lungsod ng Sakai o at nag-aaral sa mga paaralan na nasa Lungsod ng Sakai. Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pangangasiwa ng pamahalaan, at nakikinig at nagbibigay payo sa mga problema sa pang-araw-araw na pamumuhay, atbp. Pinakikilala rin sa mga dalubhasang naaangkop sa uri ng problema.

#### \*Ang mapagkokonsultahan Gumagamit ng makinarya sa pagsalin-wika, maaaring makapagkonsulta sa 11 wika.

**Wika** Wikang Hapon, Ingles, Intsik, Koreano, Portuges, Espanyol, Biyetnames, Tagalog, Thai, Indonesiyo at Nepali.

**Araw at Oras** Lunes ~ Biyernes 10:00~12:00, 13:00~16:00 (Maliban sa Sabado, Linggo, pista opisyal, una at huling araw ng taon)

\***Konsulta sa telepono** Maaaring kumonsulta sa 8 wika gamit ang trio-phone (teleponong makakapag-usap ang 3 tao) kasama ang tagapagsalin. **Nakalaang telepono ☎072-228-7499**

**Wika** Wikang Hapon, Ingles, Intsik, Koreano, Portuges, Espanyol, Vietnamese at Thai.

**Araw at Oras** Lunes~Biyernes 10:00~12:00, 13:00~16:00 (Maliban sa Sabado, Linggo, pista opisyal, una at huling araw ng taon)

##### • Konsulta tungkol sa pagkuha ng nasyonalidad ng Hapon o sa mga bagay na may kaugnayan sa imigrasyon (libre)

Maaaring makapagkonsulta sa isang *Gyosei Shoshi* (sertipikadong dalubhasa sa paggawa at paglakad ng mga papeles sa pamahalaan) tungkol sa pagkuha ng nasyonalidad ng Hapon at sa visa, sa visa ng permanenteng residente, kasal sa taong iba ang nasyonalidad, atbp.

**Araw at Oras** Tuwing ika-3 Miyerkules ng buwan 14:00~17:00

**Lugar** Multicultural Exchange Plaza ng Lungsod ng Sakai (pahina 2)

**Aplay o tanong** Bago kumonsulta kumuha ng appointment sa pamamagitan ng telepono (Hanggang 3 tao o grupo lamang sa 1 araw. Kapag nais magkaroon ng interpreter, kumuha ng appointment ng 10 araw bago nais kumonsulta.)

☎072-228-7499 FAX 072-340-1091

#### 【Nais magkaroon ng interpreter】 (通訳がほしい)

##### Pagpadala ng boluntaryong interpreter (libre)

Maaaring magpadala ng boluntaryong interpreter sa mga taong hindi pa makapangusap ng mahusay sa wikang Hapon kapag pumunta sa munisipyo, paaralan o ospital. (Hindi gagawa ng translation.)

Maaaring humiling ang mga taong nakatira sa Lungsod ng Sakai, nagtatrabaho sa Lungsod ng Sakai o nag-aaral sa mga paaralan sa Lungsod ng Sakai.

**Wika** Wikang Hapon, Ingles, Intsik, Koreano, Portuges, Espanyol, Biyetnames, Tagalog, Thai, Indonesiyo, Nepali, Pranses, Italyano, Arabo, Ruso, atbp.

**Aplay o tanong** Sulatan at ipadala lamang ang [Kahilingan para sa Boluntaryong Interpreter] sa pamamagitan ng koreo, FAX o e-mail sa Multicultural Exchange Plaza ng Lungsod ng Sakai (pahina 2) ng 10 araw bago ang araw na nais gumamit ng interpreter.

**Puna 1** Hindi propesyonal ang mga interpreter kaya hindi kami mananagot kapag may mali sa kanilang pagsalin. Sa mga sitwasyon na magkakaroon ng problema kapag may pagkakamali sa pagsalin, gumamit lamang ng isang propesyonal na interpreter.

**Puna 2** Hindi makapagpadala ng interpreter kapag ang isasaling pag-uusap ay mahirap o kapag walang mahanap na interpreter, atbp.

◆ **Multicultural Exchange Plaza ng Lungsod ng Sakai** (堺市立多文化交流プラザ・さかい)

[Palayaw: POME Sakai (ポムさかい) ]

Maaaring kumonsulta tungkol sa pagkuha ng nasyonalidad ng Hapon, sa mga bagay na may kaugnayan sa imigrasyon, atbp.

Maaaring makahiram ng mga librong magagamit upang mag-aral ng wikang Hapon, mga libro tungkol sa bansang Hapon, atbp.

May silid para sa pulong na magagamit para sa internasyonal na pakikipag-ugnayan at iba pang mga aktibidad.

**Lugar** 5F sa General Welfare Hall ng Lungsod ng Sakai  
Pinakamalapit na istasyon: Nankai Koya Line Sakaihigashi Station

**Bukas ba araw** Linggo~Biyernes 9:00~17:30

**Saradong araw** Sabado, pista opisyal, una at huling araw ng taon

**Address** 2-1 Minamikawaramachi, Sakai-ku, Sakai-shi 590-0078

☎ 072-340-1090

FAX 072-340-1091

E-mail [kokusai@city.sakai.lg.jp](mailto:kokusai@city.sakai.lg.jp)

<https://www.city.sakai.lg.jp/shisei/kokusai/koryuplaza/>



## 1-2 Pag-aaral ng wikang Hapon (日本語の勉強)

### 【Silid-aralan para sa wikang Hapon/materyales sa pag-aaral ng wikang Hapon】

(日本語教室・日本語学習教材)

Maaaring makapaghanap ng silid-aralan par sa wikang Hapon o materyales para sa pag-aaral ng wikang Hapon.

<https://www.city.sakai.lg.jp/yasashii/classroom/index.html>



### 【Sa silid-aralan para sa wikang Hapon mag-aaral】 (日本語教室で勉強する)

- Silid-aralan sa wikang Hapon para sa mga Beginners

Ito ay para sa mga beginners na mag-aaral ng wikang Hapon.

<https://www.city.sakai.lg.jp/yasashii/classroom/nyuumon-nihongo.html>



### 【Silid-aralan para sa wikang Hapon ng Pook】 (地域の日本語教室)

- Boluntaryong silid-aralan para sa wikang Hapon sa loob ng Lungsod ng Sakai

<https://www.city.sakai.lg.jp/yasashii/classroom/nihongo-kyoshitsu.html>



### 【Sa internet mag-aaral】 (インターネットで勉強する)

- Kumonekta Ipalaganap Pamumuhay sa wikang Hapon (Ministry for Cultural Affairs)

<https://tsunagarujp.bunka.go.jp/>



- Irodori Nihongo Online Course (The Japan Foundation)

<https://www.irodori-online.jpf.go.jp/>



- NHK WOLRD-JAPAN Easy Japanese Language (NHK)

<https://www.nhk.or.jp/lesson/>



### 1-3 Ang pagbibigay ng impormasyon sa iba't ibang wika (多言語での情報提供)

#### 【Newsletter sa Ingles at Intsik (Libre)】 (英文・中文ニュースレター)

Isinasaayos ito ng tauhan ng lungsod na namamahala sa internasyonal na pakikipag-ugnayan. Nilalagay ang mga ginagawang mga events ng lungsod, mga impormasyong nakakatulong sa pamumuhay, atbp. Nilalathala ito ng isang beses sa 2 buwan sa buwan ng Pebrero, Abril, Hunyo, Agosto, Oktubre at Disyembre. Makukuha ito sa International Division, sa Multicultural Exchange Plaza ng Lungsod ng Sakai, sa Administrative Information Center ng City Hall, sa Administrative Information Corner ng munisipyo, sa aklatan ng lungsod, atbp. Maaring matanggap ang bawat lathala ng mga dayuhang naninirahan sa Lungsod ng Sakai, nagtatrabaho sa Lungsod ng Sakai o nag-aaral sa mga paaralan sa loob ng Lungsod ng Sakai, ng libre sa pamamagitan ng pagpadala sa koreo kapag humiling sa pamamagitan ng e-mail sa International Division.

E-mail [kokusai@city.sakai.lg.jp](mailto:kokusai@city.sakai.lg.jp)

City Life (Newsletter sa Ingles) HP

<https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/english/visitors/newsletter/index.html>

我們的堺市 (Newsletter sa Intsik) HP

<https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/chinese/visitors/top/index.html>



Ingles



Intsik

Kapag nagparehistro para sa mail magazine, upapadala ang link kapag nilathala.

City Life (Newsletter sa Ingles) mail magazine

<http://www.city.sakai.lg.jp/shisei/koho/koho/merumaga/citylife/index.html>

我們的堺市 (Newsletter sa Intsik) mail magazine

[https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/chinese/visitors/top/ch\\_newsletter/index.html](https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/chinese/visitors/top/ch_newsletter/index.html)



Ingles



Intsik

#### Mapagtatanungan

International Section, International Division ☎072-222-7343 FAX 072-228-7900

#### 【Homepage ng Lungsod ng Sakai】

(堺市ホームページ)

Ingles <https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/english/visitors/index.html>

Intsik <https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/chinese/visitors/index.html>

Koreano <https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/korean/visitors/index.html>

Portuges [https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/other\\_languages/portuguese/index.html](https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/other_languages/portuguese/index.html)

Espanyol [https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/other\\_languages/spanish/index.html](https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/other_languages/spanish/index.html)

Biyetnames [https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/other\\_languages/vietnam/index.html](https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/other_languages/vietnam/index.html)

Madaling Hapon <https://www.city.sakai.lg.jp/yasashii/index.html>



HP sa Iba't-ibang Wika ng Lungsod ng Sakai



#### 【Facebook】

Easy Japanese Language

- Easy Japanese Language sa Facebook: Ipopost ang mga impormasyon na kinakailangan sa pamumuhay ng mga dayuhang naninirahan, impormasyon ng event sa munisipyo at iba pa, impormasyon ukol sa sakuna gaya ng bagyo o lindol at iba pa.
- Ingles sa Facebook: Ang coordinator ng lungsod para sa international relation ay magpopost ng mga impormasyon sa Ingles mula sa pananaw ng mga taong nakakapagsalita ng lengguwahe ukol sa mga local events at makakatulong na impormasyon sa pamumuhay at iba pa para sa mga nakatirang dayuhan sa lungsod at karatig lugar.



Ingles

## 2. Sakit at Emerhensiya (病気・緊急)

### 2-1 Kapag nagkasakit (病気のとき)

#### 【Karaniwang araw】 (平日)

Sakai City Medical Center (1-1-1 Ebaraji-cho, Nishi-ku ☎072-272-1199 FAX072-272-9911)

**Puna** Ito ay isang ospital para sa mga taong nangangailangan ng dalubhasang pagpapagamot na may hawak na sulat ng pagpapakilala mula sa ibang medikal na pasilidad.

Kapag walang sulat ng pagpapakilala, may dagdag na ipapatong sa karaniwang singil sa pagpapatongin.

#### 【Kapag biglang nagkasakit sa araw na walang pasok o sa gabi】 (休日・夜間に急病になったとき)

Departamento	Pangalan	Lugar	Oras ng Tanggapan		
			Karaniwang mga araw	Sabado	Linggo, pista opisyal o mga araw na walang pasok
Pediatrics *1	Sakai Children's Emergency Medical Center	1-1-2 Ebaraji-cho, Nishi-ku ☎072-272-0909 FAX072-272-5959	20:30~ 4:30 ng sunod na umaga	17:30~ 4:30 ng sunod na umaga	9:30~11:30 12:45~16:30 17:30~4:30 ng sunod na umaga
Internal Medicine *2	Sakai Senboku Emergency Treatment Center	1-8-1 Takeshirodai, Minami-ku ☎072-292-0099 FAX072-292-0629	×	17:30~ 20:30	9:30~11:30 12:45~16:30 17:30~20:30
Dentistry	Sakai City Oral Health Center	18-3 Daisennaka-machi Sakai-ku ☎072-243-0099 FAX072-243-3088	×	17:30~ 20:30	9:30~11:30 12:45~16:30

\*1 Para lamang sa mga junior high school na mag-aaral o mas bata pa

\*2 Pumunta lamang sa Sakai Children's Emergency Medical Center ang mga junior high school na mag-aaral o mas bata pa

#### 【Website ng medikal na mga impormasyon para sa mga dayuhan】 (外国人のための医療情報サイト)

##### Osaka Medical Net for Foreigners

Mahamanap sa wikang Hapon, Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portuges, Vietnam, Tagalog.

Makakahanap ng mga basikong medikal na impormasyon at ng mga ospital na maaaring magpatingin na gamit ang banyagang wika.

<http://www.mfis.pref.osaka.jp/omfo/>

(Gawa ng: Osaka Prefectural Government Department of Health and Medical Care, Public Health and Welfare Office, Health and Medical planning Affairs Division)

#### 【Medikal na Palatanungan sa Iba't Ibang Wika】 (多言語医療問診票)

Makikita medikal na palatanungan sa 21 wika (Ingles, Intsik, Koreano, Portuges, Espanyol, Biyetnames, Tagalog, Thai, Indonesiyo, Nepali, Pranses, Arabe, Ruso, Persyano, Kambodyano, Lao, Aleman, Kroatyano, Tamil, Sinhala, Ukraine) sa internet.

Makakatulong sa pakikipag-usap sa manggagamot kapag sinagutan ito bago pumunta sa ospital.

<http://www.kifjp.org/medical/>

**Puna** May kaso na ang [Medikal na Palatanungan sa Iba't Ibang Wika] na ito ay binabago kaya tiyakin muna bago gamitin.

(Gawa ng: International Community Hearty Konandai at Kanagawa International Foundation)

### 2-2 Sa oras ng sunog, sa oras na biglang nagkasakit o malubhang napinsala

(火事のとき、急病や大けがのとき)

#### 【Pagtawag sa 119】 (119番通報)

Ang call center ay may interpreter sa 5 wika (Ingles, Intsik, Koreano, Portuges at Espanyol) na magagamit 24 oras sa 365 araw ng taon.

**Puna** May kaso na kailangang maghintay ng matagal bago makakonekta sa call center.

### 2-3 Kapag nabiktima ng krimen o naaksidente (犯罪被害などにあつたとき)

#### 【Pagtawag sa 110】 (110番通報)

Tignan lamang ang pahina sa [I. Pagtugon sa Emerhensiya] ng Osaka Foundation of International Exchange

### 3. Sakuna (災害)

#### 3-1 Ang paghanda para sa sakuna (災害に備える)

【Handbook para sa pag-iwas sa sakuna • Madadalang kard ng patnubay para sa pag-iwas sa sakuna】  
(防災ハンドブック・携常用防災カード)

Basahin ang handbook at paghandaan ang dapat gawin para sa panahon ng sakuna.

**Wika** Wikang Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portuges, Biyetnames at madaling Hapon  
Mayroon ding madadalang kard ng patnubay sa pag-iwas sa sakuna na mailalagay sa pitaka.

**Wika** Wikang Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portuges, Biyetnames, Tagalog at madaling Hapon  
Ang alin man ay makukuha sa Civic Affairs Division ng munisipyo (pahina 16 at 17), sa International Division ng City Hall (☎072-222-7343) o sa Multicultural Exchange Plaza ng Lungsod ng Sakai (pahina 2).

#### 【Pagrehistro sa e-mail tungkol sa mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna ng Osaka】

(おおさか防災情報メールの登録)

Kapag inirehistro ang e-mail address ng mobile phone, makakatanggap ng e-mail tungkol na impormasyon sa klima tulad ng babala sa malakas na ulan at baha, lindol at paglikas, atbp.

\*Kapag nakabukas ang inyong spam mail prevention function, patayain lamang ito.

Hapon <https://www.osaka-bousai.net/pref/PreventInfoMail.html>

Ingles <https://www.osaka-bousai.net.e.add.hp.transer.com/preventinfomail.html>

Intsik (Simple) <https://www.osaka-bousai.net.c.add.hpcn.transer-cn.com/preventinfomail.html>

Intsik (Tradisyonal) <https://www.osaka-bousai.net.t.add.hp.transer.com/preventinfomail.html>

Koreano <https://www.osaka-bousai.net.k.add.hp.transer.com/preventinfomail.html>

#### 3-2 Kapag nagkaroon ng sakuna (災害がおこったら)

【Upang malaman ang mga impormasyon tungkol sa sakuna】 (災害の情報を知るには)

• **Network ng Osaka para sa pag-iwas sa sakuna (Limbag para sa Lungsod ng Sakai):** Makikita sa internet ang mga impormasyon tungkol sa lindol, tsunami, bagyo, atbp, at impormasyon tungkol sa mga babala at alertong nilalabas.

Hapon <https://www.osaka-bousai.net/27140/index.html>

Ingles <https://www.osaka-bousai.net.e.add.hp.transer.com/27140/index.html>

Intsik (Simple) <https://www.osaka-bousai.net.c.add.hpcn.transer-cn.com/27140/index.html>

Intsik (Tradisyonal) <https://www.osaka-bousai.net.t.add.hp.transer.com/27140/index.html>

Koreano <https://www.osaka-bousai.net.k.add.hp.transer.com/27140/index.html>

• **Speaker ng pag-iwas sa sakuna:** Kapag nagkaroon ng sakuna, ipinaalam sa pamamagitan ng mga speakers sa labas ang kalagayan ng sakuna at ang impormasyon tungkol sa paglikas.  
Kapag hindi maintindihan, magtanong lamang sa mga kapit-bahay o tiyakin sa internet o sa telebisyon.

#### 【Kailan at saan tatakas】 (いつ、どこへ逃げるか)

Kapag may lumabas na impormasyon sa paglikas mula sa Lungsod ng Sakai, tumakas lamang sa shelter. Ang mga shelters ay ang mga paaralan o gusali ng lungsod.

Siyasatin kung saan ang mga malapit na shelter sa inyong bahay.



Ang mga lugar na may ganitong karatula ay shelter.



Karatulang nakasulat ang taas ng lugar. (taas mula sa dagat)



## II. Mga Pamamaraan ng Pamumuhay (くらしの手続き)

### 1. Kapag mag-uumpisa ng bagong buhay sa Lungsod ng Sakai / kapag lumipat

(堺市で生活を始めるとき/引越しするとき)

#### 1-1 Paglipat papasok, paglipat sa loob at paglipat palabas (転入、転居、転出)

【Rehistro ng mamamayan at pagbago ng tirahan】 (住民登録・住居地の変更)

Sa ganitong kaso	Lugar ng paglakad ng paglipat	Mga bagay na dadalhin
<Paglipat papasok> Kapag lumipat mula sa labas ng Lungsod ng Sakai papasok sa Lungsod ng Sakai	Pumunta sa Civic Affairs Division ng munisipyo (pahina 16 at 17) ng tinitirahang lugar sa loob ng 14 na araw mula sa araw ng paglipat  *Kontakin din ang Public Health Center (pahina 16 at 17) kapag buntis o may sanggol na anak.	① Ang residence card at special permanent resident certificate ng lahat ng taong lumipat. ② Ang Sertipiko ng Paglipat Palabas na bigay ng munisipyo ng dating tinitirahang lugar. ③ Ang Pension Booklet ng mga kasapi sa national pension fund, numero ng pension sa pangunahing abiso, slip ng pagbabayad, at iba pa ④ My Number Card (lahat na may hawak na kard)
<Paglipat sa loob> Paglipat sa ibang lugar (ku) sa loob ng Lungsod ng Sakai, o paglipat sa loob ng parehong lugar (ku).	Pareho ng nakasulat sa itaas.	• Ang ①, ③, ④ na nakasulat sa itaas.  • ⑤ Health Insurance Card sa mga kasapi sa national health insurance.
<Paglipat palabas> Paglipat palabas sa Lungsod ng Sakai	Pumunta sa Civic Affairs Division ng munisipyo ng lugar na tinitirahan bago lumipat (kapag nakalipat na, pumunta sa loob ng 14 na araw mula sa araw ng paglipat)	• Dokumento na makakapagpatunay sa katauhan ng taong nagbibigay ng notipikasyon (lisensiya sa pagmamaneho ng sasakyan, Residence Card, atbp) o ang nakasulat sa itaas na ⑤.  • Kailangan ang ③ at ④ na nakasulat sa itaas kapag lilipat sa ibang bansa.

#### 【Mga pamamaraang may kinalaman】 (関連する手続き)

May kasong kailangan ding ilakad ang national health insurance, national pension fund, nursing insurance, allowance para sa bata, medical care ng mga sanggol, medical care ng mga bata, pagpasok sa paaralan o paglipat sa paaralan ng mga bata.

Para sa mas detalyadong impormasyon, magtanong lamang paglakad ng paglipat papasok, paglipat sa loob o paglipat palabas.

Kailangang ding ilakad kapag mag-aalaga ng aso. Magtanong lamang sa Animal Protection and Control Center (☎072-228-0168) o sa Public Health Center ng bawat munisipyo (pahina 16 at 17).

#### ※ Tungkol sa [My Number (sariling numero)] (マイナンバー (個人番号) について)

Ang My Number ay ang numero na kailangan sa paglakad ng pension at health insurance, mga insurance ng lipunan tulad ng employment insurance, pag-file ng buwis at atbp, may sariling numero ang bawat mamamayan na pinag-bigay alam sa bawat isa. Sa unang pagparehistro bilang isang residente, makakatanggap ng notipikasyon na nakasulat ang My Number sa loob ng mga 2~3 linggo.

Kapag lumabas sa bansa upang umuwi sa sariling bansa ng pansamantala, pagbalik dito ang dating My Number ang gagamitin muli.

Bilang patakarán, isang My Number lamang ang gagamitin sa buong buhay, kaya maliban sa mga paglalakad na kailangan ang My Number, huwag ipaalam ang numerong ito sa ibang tao.

<https://www.digital.go.jp/policies/mynumber/>

## 1-2 Ang pagkolekta ng basura (ごみの収集)

### 【Ang pagtapon ng basura】 (ごみの出し方)

Tignan kung anong araw ang nakalaan sa bawat uri ng basura at ilagay ito sa nakatakdang lugar.

**Ang parang diksyunaryo sa pag-uri at kung paano ang pagtapon ng basura (wikang Hapon)**, ay ipinamimigay ng Administrative Information Center ng City Hall at Administrative Information Corner ng munisipyo, at matatanggap ito sa pagbigay ng notipikasyon sa paglipat papasok o palipat sa loob ng Lungsod mula sa Civic Affairs Division ng munisipyo (pahina 16 at 17).

Mapagtatanungan Public Sanitation Division (☎072-228-7429 FAX072-229-4454)

Hapon

[https://www.city.sakai.lg.jp/kurashi/gomi/gomi\\_recy/bunbetsu/shigen/](https://www.city.sakai.lg.jp/kurashi/gomi/gomi_recy/bunbetsu/shigen/)

Madaling Hapon

[https://www.city.sakai.lg.jp/yasashii/yasa\\_gomi/](https://www.city.sakai.lg.jp/yasashii/yasa_gomi/)

Ingles

<https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/english/visitors/living/dailylife/handbook/index.html>

Intsik

<https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/chinese/visitors/living/livinginsakai/handbook/index.html>

Koreano

<https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/korean/visitors/handbook/index.html>

Portuges

[https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/other\\_languages/portuguese/portuguese/index.html](https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/other_languages/portuguese/portuguese/index.html)

Espanyol

[https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/other\\_languages/spanish/spain/index.html](https://www.city.sakai.lg.jp/foreign-language/other_languages/spanish/spain/index.html)

**Maliban sa wikang Hapon ay may 2 uri ng polyeto tungkol sa pagtapon ng basura.**

[https://www.city.sakai.lg.jp/kurashi/gomi/gomi\\_recy/bunbetsu/shigen\\_gomi\\_pamph/index.html](https://www.city.sakai.lg.jp/kurashi/gomi/gomi_recy/bunbetsu/shigen_gomi_pamph/index.html)

Wika Wikang Ingles, Intsik, Koreano, Portuges, Espanyol at Biyetnames

## 1-3 Ang tubig at paagusan ng nagamit na tubig (水道・下水道)

Maaaring ipabigay-alam o makipag-ugnayan sa customer center ng Waterworks and Sewerage Bureau tungkol sa sumusunod na mga bagay.

- Magpabigay-alam ng pagumpisa o pagtigil ng paggamit ng tubig (Kailangan tumawag ng 4 o 5 araw bago gagamitin o titigilan ang paggamit ng tubig.)
- Pagtatanong tungkol sa bayad ng tubig at pagkumpirma ng dami ng tubig  
※May kombenyenteng app sa smartphone (suirin-すいりん)  
Maaari ang aplikasyon sa pagbabayad na hindi na kailangan ng papel, o sa pamamagitan ng credit.
- Kapag mapulang tubig ang lumalabas  
\* May kaso na ang mga kalawang sa loob ng tubo ay kasamang umagos palabas dahil sa pag-ayos ng mga tubo, atbp, paagusin lamang ang tubig hanggang malinis na tubig ang lumabas bago gamitin. Ngunit kapag hindi luminis ang tubig kahit pinaagos, tumawag lamang sa customer center.
- Kapag nakatuklas ng tumatagas na tubig sa kalye o baradong kanal



Homepage ng Waterworks and Sewerage Bureau ng Lungsod ng Sakai  
Page ng 「suirin-すいりん」

Customer Center ng Waterworks and Sewerage Bureau (上下水道局お客様センター)	
Para sa mga katanungan	☎0570-02-1132 (Navi-dial) *Hindi magagamit ang ilang IP na telepono ☎072-251-1132 FAX 072-252-4132
Oras na tumatanggap ng tawag	Karaniwang araw 8:45~19:00 Sabado, Linggo at pista opisyal 9:00~17:00 (Ngunit 24 oras na tumatanggap ng tawag para sa pag-ulat tungkol sa mapulang tubig na lumalabas sa gripo, at pagkatuklas ng tumatagas na tubig sa kalye o baradong kanal.)

**1-4 Pabahay ng munisipyo, takdang pampublikong paupahang bahay (市営住宅、特定公共賃貸住宅)**  
**【Naghahanap ng manirahan】 (入居者募集)**

Tumatanggap ng mga aplikante tuwing Mayo, Oktubre at Nobyembre taon-taon. Ang mga detalya ay inilalagay sa Koho Sakai.

**Katanungan** Ang pag-aaplay sa Mayo at Oktubre ay sa Sakai Municipal Housing Management Center  
☎072-228-8225 FAX072-228-8223  
Ang pag-aaplay sa Nobyembre ay sa Housing Improvement Division  
☎072-228-8113 FAX072-228-8034

Tungkol naman sa pabahay ng prepektura, tignan lamang ang pahina sa [III. Pamumuhay at Tirahan] ng Osaka Foundation of International Exchange.

**1-5 Buwis ng lungsod (市税)**

**【Personal na buwis ng lungsod at prepektura (Municipal Inhabitants' Tax)】**

(個人市・府民税 (住民税))

Ang mga taong nakatira sa loob ng bayan at mga taong may puwesto ng negosyo sa loob ng bayan ay magbayad lamang ng buwis taon-taon tuwing Enero 1.

- Karaniwang pag-kolekta: Ang mga taong may kita sa nakalipas na taon ay kailangang mag-file ng tax return hanggang Marso 15.  
Pagkatapos nito, padadalhan kayo ng pabatid sa babayaranang buwis kaya bayaran lamang ang buwis.

**Katanungan** Municipal Tax Division ng City Tax Office (Tawagan ang telepono sa inyong lugar.)

City Tax Office 1-3-1 Mozuakahata-cho, Kita-ku 591-8037		
Municipal Tax Division	Sakai-ku • Nishi-ku	☎072-231-9751 FAX072-251-5632
	Naka-ku • Minami-ku	☎072-231-9752 FAX072-251-5632
	Kita-ku • Higashi-ku • Mihara-ku	☎072-231-9753 FAX072-251-5632

- Di-pangkaraniwang pag-kolekta: Ibabawas buwan-buwan sa sahod ng kumikita ang buwis

**2. Kapag ikakasal / kapag magdidiborsyo (結婚するとき/離婚するとき)**

Tignan lamang ang pahina sa [IV. Residency Management System, Basic Resident Registration System, Kasal at Diborsiyong] ng Osaka Foundation of International Exchange.

**3. Kapag nanganak at nagpapalaki ng bata (子どもを産んで育てるとき)**

**3-1 Kapag nabuntis (妊娠したら)**

**【Ang “Handbook sa Kalusugan ng Ina at Bata” at ang pad ng mga tiket sa pagpapatingin ng kalusugan】**

(母子健康手帳と健診受診票づくり)

Pumunta sa Public Health Center (pahina 16 at 17) ng tinitirahang bayan at ipasa ang [Notipikasyon ng Pagbubuntis], at kunin ang “Handbook sa Kalusugan ng Ina at Bata” at ang pad ng mga tiket sa pagpapatingin ng kalusugan (sinasagot ng Lungsod ng Sakai ang gastos sa 14 na nakatakandang pagpapatingin ng kalusugan).

Dalhin lamang ito tuwing pumunta sa ospital o Public Health Center, at itatala rito ang kalagayan ng kalusugan ng ina at bata.

Ang “Handbook sa Kalusugan ng Ina at Bata” ay nasa 10 wika (Ingles, Koreano, Intsik, Espanyol, Portuges, Biyetnames, Thai, Tagalog, Indonesiya, Nepal).

**【Klase para sa mga buntis】 (妊婦教室)**

Isinasagawa ito sa Public Health Center.

Mapapakinggan ang payo ng dalubhasang tauhan kung ano ang gagawin habang buntis at para mapaghandaan ang panganganak, tungkol sa sanggol, sa nutrisyon at sa ngipin.

Maaari ring sumali ang mga ama.

**Katanungan** Public Health Center (pahina 16 at 17)

### 3-2 Kapag ipinanganak na ang bata (子どもが生まれたら)

#### 【Notipikasyon ng panganganak】 (出生届)

Tignan lamang ang pahina sa [VI. Pagbubuntis, Panganganak, Pagpapalaki ng Anak at Edukasyon] ng Osaka Foundation of International Exchange.

Ipasa lamang ang Notipikasyon ng Panganganak sa Civic Affairs Division ng munisipyo (pahina 16 at 17).

#### 【Ang sistema ng tulong sa medikal na gastos ng bata】 (子ども医療費助成制度)

Mula 0 na taong gulang hanggang maging 18 taong gulang (hanggang sa unang Marso 31 matapos ang 18 taon gulang na kaarawan) ang bata, babayaran (ang medikal na gastos lamang na magagamit ang medical insurance) ang isang bahagi ng medikal na gastos at ang gastos sa pagkain na kailangan habang nagpapagaling na sariling babayaran (ang karaniwang halaga ng bahagi na binabayaran).

Ngunit may kaso na ang mga taong tumatanggap ng tulong sa pamumuhay (seikatsu hogo), atbp, ay hindi makakatanggap ng tulong na ito.

Katanungan Health Insurance and Pension Division ng munisipyo (pahina 16 at 17)

#### 【Allowance para sa bata】 (児童手当)

Matatanggap ito ng mga taong nagpapalaki ng bata mula ipinanganak hanggang makatapos ng junior high school (hanggang sa unang Marso 31 matapos naging 15 taong gulang ang bata).

Katanungan Child-raising Support Division ng munisipyo (pahina 16 at 17)

#### 【Pagbisita sa lahat ng mga bahay na may sanggol】 (乳幼児家庭全戸訪問)

Hanggang ang sanggol ay mga 4 na buwang gulang, bumibisita ang dalubhasa sa pag-alaga ng bata o ang komadrona o public health nurse upang magbigay ng mga impormasyon tungkol sa pagpapalaki ng bata.

Kapag may pinag-aalalang bagay, kumonsulta lamang sa Child-raising Support Division ng munisipyo o sa Public Health Center (pahina 16 at 17).

#### 【Ang pagpapatingin ng kalusugan, bakuna, atbp.】 (乳幼児健診、予防接種他)

Maaaring magpatingin ng kalusugan at sumali sa mga klase para sa pagkain ng sanggol, at magpabakuna ng BCG sa Public Health Center (pahina 16 at 17).

Ang pagbabakuna ay isinasagawa sa mga medikal na pasilidad sa loob ng lungsod kaya tignan lamang sa “Handbook sa Kalusugan ng Ina at Bata” ang uri at panahon na maisasagawa ang mga bakuna.

### 3-3 Pagpapalaki ng bata (子育て)

#### 【Pag-alaga ng bata】 (保育)

Pag-alaga ng Bata	Kailan	Ang mga Mapagtatanungan, Mapag-aaplayan
Day-care centers (Hoikusho)	Kapag ang magulang ay nagtatrabaho o may sakit kaya kailangang paalagaan ang bata.	Child-raising Support Division ng munisipyo (pahina 16 at 17)
Pansamantalang pag-aalaga, pag-aalaga sa mga araw na walang pasok	Kapag dahil sa part-time na trabaho ng magulang o isang pansamantalang dahilan ay mahirap alagaan ang bata sa bahay.	Kindergarten-Childcare Center Integration Promotion Division ng City Hall ☎072-228-7173 FAX072-222-6997
Pag-aalaga ng batang may sakit, o kagagaling lamang sa sakit	Kapag mahirap pumasok sa pasilidad na nag-aalaga sa bata dahil sa sakit o kapinsalaan ng bata, ngunit mahirap alagaan ang bata sa bahay dahil may trabaho ang magulang.	City Hall Child Nurturing Division ☎072-228-7612 FAX072-228-8341

**【Suporta sa pagpalaki ng bata】**

(子育て支援)

Uri ng Suporta	Kailan	Ang mga Mapagtatanungan, Mapag-aaplayan
Pagbibigay ng katulong sa pag-alaga ng bata (isang bahagi ng halaga ay kailangang babayaran)	Kapag hindi maganda ang lagay ng katawan pagkatapos manganak, o kapag nag-aalala sa pag-alaga sa bata kaya nahihirapang gawin ang mga gawaing bahay at pag-alaga sa bata	Child-raising Support Division ng munisipyo (pahina 16 at 17)
Pangangalaga pakapanganak	Walang taong nasa paligid na makakatulong sa pag-aalaga ng bata, dahil sa pagod ay nababalisa bilang magulang, nakakaramdam ng kahirapan sa pag-aalaga ng bata sa bahay	
Pagbibigay ng taga-payo sa pagpalaki ng bata (libre)	Kapag may problema o pinag-aalala tungkol sa pagpalaki ng bata, at nais kumonsulta.	
Lugar para sa pagpalaki ng bata ng mga munisipyo (Kuyakusho Kosodate Hiroba) (maliban sa munisipyo ng Sakai-ku)	Kapag nais magtipun-tipon, makipag-ugnayan o kumonsulta ang mga magulang at mga batang hindi pa pumapasok sa elementarya	Araw-araw 10:00~17:00 (Maliban sa Disyembre 30~Enero 3 at araw na sarado ang Giorno ) ☎072-275-7601 FAX072-275-7609
Sakai-ko Hiroba (Libre) (3F ng Giorno)	Kapag nais magtipun-tipon, makipag-ugnayan o kumonsulta ang mga magulang at mga bata na ang gulang ay mula 12 taon pababa. *Hindi na kailangang mag-apply	
Lugar ng lahat para sa pagpalaki ng bata (Minna no Kosodate Hiroba) (libre)	Kapag nais magtipun-tipon, makipag-ugnayan o kumonsulta ang mga magulang at mga batang hindi pa pumapasok sa elementarya, sa isang lugar sa munisipalidad (tulad ng bakanteng tindahan o lokal na bulwagan) *Hindi na kailangang mag-apply	City Hall Child Nurturing Division ☎072-228-7612 FAX072-228-8341
Big Bang Sakai-shi Minami-ku Chayamadai 1-9-1	Lugar na maaaring mag-enjoy ang mga maliliit na batang edad mula 3 hanggang edad 9. Maglalaro sa pamamagitan ng paggalaw sa katawan, gagawa ng kung ano, maglalaro gamit ang mga laruan noong panahon. May workshop tuwing Sabado at Linggo. *Sa 2F~4F ay may bayad ang pagpasok.	10:00~17:00 (Araw na sarado: Lunes) ☎072-294-0999 FAX072-294-0998
Family Support Center * Isang organisasyon na binubuo ng mga taong nais tumulong sa pagpalaki ng mga bata (nagbibigay tulong na mga miyembro) at mga taong nangangailangan ng tulong (humihiling ng tulong na mga miyembre) sa pagpalaki ng bata, na nagtutulongan. (¥700 ang isang oras)	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Kapag nais na ihatid at sunduin ang bata sa pinapasukang pre-school o paaralan.</li> <li>• Kapag nais na bantayan ang bata bago magumpisa at pagkatapos ng day-care center.</li> <li>• Kapag nais na bantayan ang bata pagkatapos ng pasok sa elementarya.</li> <li>• Kapag nais bantayan ang bata kapag mamimili, atbp.</li> </ul> *Kailangang magparehistro bilang miyembro	Family Support Center ☎/FAX 072-222-8066

**【Tulong sa pagpasok sa paaralan】**

(就学援助)

Ang mga pamilya na may mag-aaral na pumapasok sa publikong elementarya o junior high school (hindi kasama ang paaralan para sa may kapansanan), na nahihirapan papasukin sa paaralan ang bata dahil sa pinansyal na dahilan, ay tinutulongan sa pagbayad ng isang bahagi ng singil sa mga gamit sa paaralan, sa tanghalian ng elementarya, atbp. May gagawing pagsisiyasat sa kita ng pamilya.

Maaaring mag-aplay sa paaralan o sa Planning and General Affairs Division ng bawat munisipyo (ang Ward Office sa Timog ay Ward Administration Planning Office) (pahina 16 at 17).

**Katanungan** School Affairs Division, General Affairs Department, Board of Education

☎072-228-7485 FAX072-228-7256

#### 4. Kapag naging isang magulang na pamilya (ひとり親家庭になったとき)

##### 【Allowance para sa pagpalaki ng bata】 (児童扶養手当)

Matatanggap ito ng magulang na nag-iisang nagpapakali ng anak hanggang sa unang Marso 31 matapos naging 18 taong gulang ang bata. (May limitasyong sa kita.)

**Katanungan** Child-raising Support Division ng munisipyo (pahina 16 at 17)

##### 【Suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay para sa isang magulang na pamilya】

(ひとり親家庭などへの日常生活支援)

Maaaring padalhan ng tauhang susuporta sa pang-araw-araw na pamumuhay ang isang magulang na pamilya o ang isang babae na nabiyuda o nadiborsiyo at nag-iisang namumuhay kapag dahil sa sakit o sa paghahanap ng trabaho ay pansamantalang nahihirapan sa gawaing bahay. Libre ito sa mga pamilya na tumatanggap ng tulong sa pamumuhay (seikatsu hogo) at sa mga pamilya na libre ang buwis ng bayan.

**Katanungan** Child-raising Support Division ng munisipyo (pahina 16 at 17)

##### 【Sistema ng tulong para sa medikal na gastos ng mga isang magulang na pamilya】

(ひとり親家庭医療費助成制度)

Ang isang bahagi ng medikal na gastos ng mga bata sa isang magulang na pamilya, na ang gulang ay hanggang 18 taon (hanggang sa unang Marso 31 matapos ang 18 taon gulang na kaarawan) at ang ama, ina o nagpapalaking tao, ay babayaran. (May limitasyon sa kita. Ang medikal na gastos lamang na magagamit ang medical insurance.)

Ngunit may kaso na ang mga taong tumatanggap ng tulong sa pamumuhay (seikatsu hogo), atbp, ay hindi makakatanggap ng tulong na ito.

**Katanungan** Health Insurance and Pension Division ng munisipyo (pahina 16 at 17)

##### 【Iba pa】 (その他)

May priority frame sa recruitment ng paupahang bahay ng lungsod. May mga kondisyong dapat tugunan kaya tumawag lamang upang magtanong.

**Katanungan** Sakai Municipal Housing Management ☎072-228-8225 FAX 072-228-8223

**5. Kapag nahihirapan sa pamumuhay** (生活に困ったとき)

**【Tulong sa pamumuhay (Seikatsu hogo)】** (生活保護)

Kapag dahil sa sakit, pinsala, atbp, nawalan ng kita, nahihirapan sa pamumuhay, hindi mabayaran ang singil ng ospital, hindi makapamuhay na walang tulong mula sa iba't ibang sistema ng tulong o mula sa mga kamag-anak, makakatanggap ng pera para sa pamumuhay at para sa medikal na gastos.

**Katanungan** [Public Assistance Division ng munisipyo \(pahina 16 at 17\)](#)

**【Pagpahiram ng pera para sa pamumuhay】** (生活資金などの貸付)

Kapag pansamantalang nahihirapan sa pamumuhay ang isang pamilya na mababa ang kita, maaaring humiram ng pera upang maisaayos ang pamumuhay.

May mga kondisyon at imbistigasyon upang makahiram.

**Katanungan** [Social Welfare Council](#) ☎072-222-7666 FAX072-221-7409

**【Konsultasyon para sa mga bumalik mula sa Tsina】** (中国帰国者相談)

Upang masanay agad sa pamumuhay sa bansang Hapon at makapamuhay ng matiwasay ang mga taong bumalik dito mula sa Tsina, nagkaroon ng silid para sa konsultasyon ng mga taong bumalik mula sa Tsina para sila ay makapagkonsulta tungkol sa kanilang mga problema, problema sa pamumuhay, problema sa wika, atbp.

**Katanungan** [Public Assistance Management Division](#) ☎072-228-7412 FAX072-228-7853

## 6. Para sa mga taong may edad na (高齢の人に)

### 【Paggamit ng nursing care insurance at nursing care service】 (介護保険と介護サービスの利用)

Para sa mga detalya, tignan lamang ang pahina sa [II-2 Medikal Insyurans] ng Osaka Foundation of International Exchange.

**Katanungan** Regional Welfare Division ng munisipyo (pahina 16 at 17)

### 【Ang Panlahatang Senter ng Suporta sa Pook】 (Panlahatang Konsultasyon)

(地域包括支援センター) (総合相談窓口)

Matatanggap ang mga kailangang mga komprehensibong serbisyo tulad ng nursing care, kalusugan, welfare, medikal, atbp.

Makakapag-konsulta rin ang mga taong may edad na at ang kanilang pamilya tungkol sa sumusunod na mga bagay.

- Nursing care service
- Pamamahala sa pangangalaga na nakakapagpa-iwas maging alagain (paggawa ng plano sa pag-alaga, atbp)
- Care manager ng pook (dalubhasa sa nursing care na suporta)
- Pagtatanggol sa karapatan
- Pagpilig at pagtugon sa abuso

Ang maaaring ma-konsultahang mga senter sa tinitirahang lugar ay hiwa-hiwalay kaya magtanong lamang sa maliit na panlahatang senter ng suporta sa munisipyo.

<b>Katanungan</b>	Sakai-ku	☎072-228-7052	FAX072-228-7058
	Naka-ku	☎072-270-8268	FAX072-270-8288
	Higashi-ku	☎072-287-8730	FAX072-287-8740
	Nishi-ku	☎072-275-0009	FAX072-275-0140
	Minami-ku	☎072-290-1866	FAX072-290-1886
	Kita-ku	☎072-258-6886	FAX072-258-8010
	Mihara-ku	☎072-361-1950	FAX072-361-1960

### 【Ang matatanggap na pera ng mga residenteng dayuhan na may edad na】 (在日外国人高齢者給付金)

May kaso na ang mga taong ipinanganak bago Abril 1, 1926 ay makakatanggap ng ¥10,000 buwan-buwan. May mga kondisyong dapat matugunan kaya magtanong lamang.

**Katanungan** Senior Citizens Support Division ng City Hall ☎072-228-8347 FAX072-228-8918

### 【Medikal na sistema para sa mga lubhang may edad na mga tao】 (後期高齢者医療制度)

Para sa mga detalya, tignan lamang ang pahina sa [II-2 Medikal Insyurans] ng Osaka Foundation of International Exchange.

**Katanungan** Health Insurance and Pension Division ng munisipyo (pahina 16 at 17)



## 7. Para sa mga taong may kapansanan (障害のある人)

### 【Paggamit ng disability welfare service】 (障害福祉サービスの利用)

Magagamit ito ng mga taong may kapansanan sa katawan o intelekt, atbp, kaya kumonsulta lamang sa Regional Welfare Division.

Ang mga taong naman na may mental na kapansanan, atbp, ay kumonsulta lamang sa Public Health Center.

- Pagbigay ng libreta
- Pagbigay ng allowance
- Pag-aplay sa disability welfare service
- Pagpasok at pagkonsulta sa lahat ng uri ng sistema ng welfare

**Katanungan** Regional Welfare Division ng munisipyo at Public Health Center (pahina 16 at 17)

### 【Disability Counseling and Support Center】 (障害者基幹相談支援センター)

Maaaring makapag-konsulta ang mga taong may kapansanan at ang kanilang pamilya. Upang mapayapa ang kaloobang makapamumuhay sa lugar, ang senter ay nakikipagugnayan sa ibang mga dalubhasang lugar upang makapagbigay ng suporta.

May senter na maaaring mapag-konsultahan sa bawat tinitirahang munisipalidad kaya makipag-ugnayan lamang sa Disability Counseling and Support Center na nasa munisipyo.

<b>Katanungan</b>	Sakai-ku	☎072-224-8166	FAX072-224-4400
	Naka-ku	☎072-278-8166	FAX072-278-4400
	Higashi-ku	☎072-285-6666	FAX072-287-6767
	Nishi-ku	☎072-271-6677	FAX072-274-7700
	Minami-ku	☎072-295-8166	FAX072-298-0044
	Kita-ku	☎072-251-8166	FAX072-250-8800
	Mihara-ku	☎072-361-1883	FAX072-361-4444

### 【Sistema ng Subsidy para sa Medikal na Gastos ng mga may Matinding Kapansanan】

#### (重度障害者医療費助成制度)

Tutulungan ang taong may matinding kapansanan sa bahagi ng medikal na gastos. (May limitasyon sa kita. Ang medikal na gastos ay sakop lamang ng health insurance). Gayunpaman, may mga pagkakataon na hindi makakatanggap ng ganitong tulong ang mga taong nasa loob ng welfare (seikatsu hogo).

**Katanungan** Health Insurance and Pension Division ng munisipyo (pahina 16 at 17)

**Mga mapagtatanungan sa bawat munisipyo**

(各区役所問合せ先)

<b>Munisipyo ng Sakai-ku 3-1 Minamikawara-machi, Sakai-ku 590-0078</b>			
Planning and General Affairs Division	Munisipyo ng Sakai-ku	☎072-228-7403	FAX 072-228-7844
Civic Affairs Division		☎072-228-6934	FAX 072-221-1471
Health Insurance and Pension Division		☎072-228-7413	FAX 072-228-7539
Public Assistance Division		☎072-228-7498	FAX 072-228-7870
Regional Welfare Division		☎072-228-7477	FAX 072-228-7870
Child-raising Support Division		☎072-222-4800	FAX 072-222-4801
Sakai Public Health Center		☎072-238-0123	FAX 072-227-1593

<b>Munisipyo ng Naka-ku 2470-7 Fukaisawa-machi, Naka-ku 599-8236</b>			
Planning and General Affairs Division	Munisipyo ng Naka-ku	☎072-270-8181	FAX072-270-8101
Civic Affairs Division		☎072-270-8183	FAX072-281-0653
Health Insurance and Pension Division		☎072-270-8189	FAX072-270-8171
Public Assistance Division		☎072-270-8191	FAX072-270-8103
Regional Welfare Division, Community Welfare Section		☎072-270-8195	FAX072-270-8103
Regional Welfare Division, Long-term Care Insurance Section		☎072-270-8197	
Child-raising Support Division		☎072-270-0550	FAX072-270-8196
Naka Public Health Center		☎072-270-8100	FAX072-270-8104

<b>Munisipyo ng Higashi-ku 195-1 Hikisho Haradera-machi, Higashi-ku 599-8112</b>			
Planning and General Affairs Division	Munisipyo ng Higashi-ku	☎072-287-8100	FAX 072-287-8113
Civic Affairs Division		☎072-287-8102	FAX 072-288-2150
Health Insurance and Pension Division		☎072-287-8108	FAX 072-287-8621
Public Assistance Division		☎072-287-8110	FAX 072-287-8117
Regional Welfare Division		☎072-287-8112	FAX 072-287-8117
Child-raising Support Division		☎072-287-8198	FAX 072-286-6500
Higashi Public Health Center		☎072-287-8120	FAX 072-287-8130

<b>Munisipyo ng Nishi-ku</b>		<b>6-600 Otori Higashi-machi, Nishi-ku 593-8324</b>	
Planning and General Affairs Division	Munisipyo ng Nishi-ku	☎072-275-1901	FAX 072-275-1915
Civic Affairs Division		☎072-275-1903	FAX 072-260-2070
Health Insurance and Pension Division		☎072-275-1909	FAX 072-275-1908
Public Assistance Division		☎072-275-1911	FAX 072-343-5050
Regional Welfare Division		☎072-275-1918	FAX 072-275-1919
Child-raising Support Division		☎072-343-5020	FAX 072-343-5025
Nishi Public Health Center		☎072-271-2012	FAX 072-273-3646

<b>Munisipyo ng Minami-ku</b>		<b>1-1-1 Momoyama-dai, Minami-ku 590-0141</b>	
General Affairs Division	Munisipyo ng Minami-ku	☎072-290-1800	FAX 072-290-1814
Ward Administration Planning Office		☎072-290-1805	
Civic Affairs Division		☎072-290-1802	FAX 072-290-2030
Health Insurance and Pension Division		☎072-290-1808	FAX 072-290-1813
Public Assistance Division		☎072-290-1810	FAX 072-290-1818
Regional Welfare Division		☎072-290-1811	
Child-raising Support Division		☎072-290-1744	FAX 072-296-2822
Minami Public Health Center		☎072-293-1222	

<b>Munisipyo ng Kita-ku</b>		<b>5-1-4 Shinkanaoka-cho, Kita-ku 591-8021</b>	
Planning and General Affairs Division	Munisipyo ng Kita-ku	☎072-258-6706	FAX 072-258-6817
Civic Affairs Division		☎072-258-6713	FAX 072-258-6905
Health Insurance and Pension Division		☎072-258-6743	FAX 072-258-6894
Public Assistance Division		☎072-258-6751	FAX 072-258-6678
Regional Welfare Division		☎072-258-6771	FAX 072-258-6836
Child-raising Support Division		☎072-258-6621	FAX 072-258-6883
Kita Public Health Center		☎072-258-6600	FAX 072-258-6614

<b>Munisipyo ng Mihara-ku</b>		<b>167-1 Kuroyama, Mihara-ku 587-8585</b>	
Planning and General Affairs Division	Munisipyo ng Mihara-ku	☎072-363-9311	FAX 072-362-7532
Civic Affairs Division		☎072-363-9313	FAX 072-363-1586
Health Insurance and Pension Division		☎072-363-9314	FAX 072-363-0020
Public Assistance Division		☎072-363-9315	FAX 072-362-0767
Regional Welfare Division		☎072-363-9316	FAX 072-362-0767
Child-raising Support Division		☎072-341-6411	FAX 072-341-0611
Mihara Public Health Center	782-11 Kuroyama, Mihara-ku 587-0002	☎072-362-8681	FAX 072-362-8676